Ang sinumang pumatay ng isang tuko sa unang palo ay magsusulat para sa kanya ng isandaang magandang gawa; sa ikalawang palo ay [magkakamit] ng mababa roon; at sa ikatlongng palo ay [magkakamit] ng mababa roon.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya: "Ang sinumang pumatay ng isang tuko sa unang palo ay magkakamit siya ng ganito at gayong magandang gawa. Ang sinumang pumatay nito sa ikalawang palo ay magkakamit siya ng ganito at gayong magandang gawang mababa sa una. Kung pinatay niya ito sa ikatlong palo ay magkakamit siya ng ganito at gayong magandang gawa." Sa isang sanaysay: "Ang sinumang pumatay ng isang tuko sa unang palo ay magsusulat para sa kanya ng isandaang magandang gawa; sa ikalawang palo ay [magkakamit] ng mababa roon; at sa ikatlong palo ay [magkakamit] ng mababa roon."

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Hinimok at inudyukan ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ang pagpatay sa tuko. Ipinabatid niya na ang sinumang pumatay nito sa unang palo ay isusulat para sa kanya ang isandaang magandang gawa; ang sinumang pumatay nito sa ikalawang palo ay magkakamit siya ng mababa kaysa roon; at ang sinumang pumatay nito sa ikatlong palo ay magkakamit siya ng mababa kaysa sa ikalawa.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/8413